I. Layunin

Naibibigay ang mahahalagang pangyayari sa nabasang talaarawan/talambuhay
Napapahalagahan ang mga pangyayari sa buhay ng isang tao.

II. A. Paksang Aralin

Mahahalagang Pangyayari sa nabasang Talaarawan/Talambuhay

B. Sangunian:

F5PB-IIg11
https://tl.wikipedia.org/wiki/Jose_Corazon_de_Jesus
https://tl.wikipedia.org/wiki/Manny_Pacquiao

C. Materyales

Larawan
Tsart

III. Pamamaraan

A. 1. Pagsasanay

Pagbasa ng mga salitang magkakaugnay.

2. Balik-aral

Pano natin napapangkat ang mga salitang magkaugnay?
Magbigay ng iba pang halimbawa ng mga salitang magkakaugnay

B. Mga Gawain

1. Pagganyak

Pagpapakita ng larawan ni Lapu-Lapu.
Itanong: Nakikilala nyo ba ang nasa larawan?
Ano ang iyong nalalaman tungkol sa kanya?

2. Paglalahad

Basahin ang talambuhay ni Lapu-Lapu.
Alamin ang mahahalagang pangyayari sa kanyang buhay.

3. Pagtatalakay

Talakayin ang talambuhay ni Manny Pacquaio. Alamin ang mahahalagang pangyayari sa buhay ni Pacquiao.

4. Pagpapayamang Gawain

Panuto: Sa nabasang talambuhay, Isulat ang mga petsa at mahahalagang pangyayari ayon sa pagkakasunud-sunod.

5. Paglalahat

Paano natutukoy ang mahahalagang pangyayari sa nabasang talaarawan/talambuhay?

6. Paglalapat

Panuto: Isulat ang iyong sariling talambuhay. Itala ang mga di malilimutang pangyayari.

IV. Pagtataya

Panuto: Isulat ang mahahalagang pangyayari sa buhay ni Jose Corazon De Jesus.

V. Takdang Aralin

Magsagawa ng Talaarawan sa loob ng isang Linggo.

I. Layunin

Nabibigyang kahulugan ang bar graph

II. A. Paksang Aralin

Bar Graph

B. Sanggunian

Hiyas sa Pagbasa 5 ph. 194 – 195
F5EP-IIgh-2
http://panutosapagbasangbargraph.blogspot.com/

C. Materyales

Larawan/Tsart

III. Pamamaraa

A. 1. Pagsasanay

Pagbasa ng isang talambuhay

2. Balik-aral

Paano natutukoy ang mahahalagang pangyayari sa nabasang talaarawan/talambuhay?
Bakit mahalaga ang petsa sa isang talaarawan o talambuhay?

B. Mga Gawain

1. Pagganyak

Maglahad ng isang halimbawa ng Bar Graph
Ipalarawan ang graph sa mga bata. Ano ang masasabi nyo sa graph?

2. Paglalahad

Ilahad ang mga bahagi ng bar graph, gamiting halimbawa ang bar graph sa pagganyak.

3. Pagtatalakay

Talakayin ang paggawa ng bar graph.
Isa-isang ipaliwanag ang bahagi nito.

4. Pagpapayamang Gawain

Maglahad ng isang sitwasyon na maaaring makuhanan ng mga datos para sa gagawing bar graph. Maaring basahin ang nasa aklat
Magsagawa ng Pangkatang gawain para dito.

5. Paglalahat

Ano ang bar graph?
Paano binabasa ang bar graph?
Bakit mahalaga ang paggamit nito?

6. Paglalapat

Pag-aralan ang bar graph. Sagutin ang mga tanong.

IV. Pagtataya

Gawan ng sariling bar graph ang mga sumusunod na datos tungkol sa bilang ng mag-aaral sa Sta. Isabela Elementary School.

Baitang 1 – 100
Baitang 2 – 105
Baitang 3 – 90
Baitang 4 – 115
Baitang 5 – 105
Baitang 6 – 120

V. Takdang Aralin

Magsagawa ng pananaliksik, alamin ang bilang ng mga mag-aaral sa inyong paaralan. Gawan ito ng bar graph mula baiting isa hanggang anim

I. Layunin

Naipapakita ang pag-unawa sa napanood sa pamamagitan ng pagsulat sa buod nito
Nakasusulat nang may wastong baybay, bantas ang idiniktang talata
Napahahalagahan ang wastong pag-uugali.

II. A. Paksang Aralin

Pagsulat sa buod ng napanood na palabas.

B. Sanggunian

F5PU-IIg-2.8
https://tl.wikipedia.org/wiki/Paglalagom
https://www.youtube.com/watch?v=IlvT__0ZQUY
https://www.youtube.com/watch?v=IG4cK6q6x_4

C. Materyales

Video, Laptop, Projector
Larawan

III. Pamamaraan

A. 1. Pagsasanay

Magkaroon ng pagsasanay sa pagbaybay

2. Balik-aral

a. Pagwawasto ng takdang aralin
b. Balik-aralan ang mga gamit ng bantas.

B. Mga Gawain

1. Pagganyak

Mayroon ba kayong mga alagang hayop?
Sa tingin mo nagkakainggitan kaya sila?
Naranasan mon a baa ng mainggit? Sa anong paraan?

2. Paglalahad

Ipanood sa mga bata ang maikling kwentong “Nang Mainggit si Kikang Kalabaw”

3. Pagtatalakay

Pag-usapan ang napanood na kwento

a. Tungkol saan ang kwento?
b. Katulad ka rin ba ni Kikang?
c. Bilang isang kalabaw, tama ba ang mainggit sya sa isang aso?

4. Pagpapayamang Gawain

Ikwentong muli ng buong klase ang napanood na palabas. Magdugsungan ng pangungusap. Bigyan ng umpisa ang pagbubuod at hayaang ituloy ng mga bata ang kwento.

5. Paglalahat

Itanong:

Paano magbuod ng isang napanood na palabas?
Anu-ano ang mga dapat tandaan?

6. Paglalapat

Ipasulat sa mga bata ang buod ng kwentong “Nang Mainggit si Kikang Kalabaw”. Idikta lamang ito sa kanila at suriin ang kanilang pagkakabaybay ng mga salita pati ang mga bantas na ginamit. (Kwaderno)

(Buod ng kwentong Nang Mainggit si Kikang Kalabaw)

Si Mang Donato ay isang masipag na magsasaka. Siya ay may alagang dalawang hayop, sina Kikang kalabaw at Basyong aso. Alagang-alaga ni Mang donato ang kanyang mga alagang hayop. Sa kabila ng maayos na kalagayan ay hindi masaya si Kikang Kalabaw. Naiinggit si Kikang kalabaw kay Basyong aso dahil iba ang trato ng kanilang amo dito. Isang araw, nakalimutang itali ng katiwala ni Mang Donato si Kikang kalabaw sa poste ng kanyang kubo. Naisip ni Kika na gayahin ang ginagawa ni Basyong aso kay Mang Donato upang matuwa at mas mahalin pa ng amo. Ginawa nga ni Kika ang mga ginagawa ni Basyong aso. Sa takot ni Mang Donato, napasigaw ito at dali-daling nagsidatingan ang kanyang pamilya at mga katiwala. Hinatak ng isa niyang katiwala si Kika at itinali sa poste. Galit na galit niya itong pinapalo habang pinapagalitan.

IV. Pagtataya

Panoorin ang kwentong “Ang sapatos ni Mommy”
Isulat sa kwaderno ang sariling pabubuod sa kwentong ito.

V. Takdang Aralin

Manood ng palabas o maikling kwento, Ibuod ito ng may watong baybay at bantas sa pangungusap.

I. Layunin

Nasasalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng mga pangungusap
Napahahalagahan ang pagiging makabayan.

II. A. Paksang Aralin

Pagsasalaysay muli ng napakinggang teksto

B. Sanggunian

Hiyas sa Pagbasa 5 ph. 83-84
F5PS-IIhc6.2
http://www.scribd.com

C. Materyales

Aklat

III. Pamamaraan

A. 1. Pagsasanay

Pagsasalaysay ng mga bata ng kanilang napakinggang balita kahapon.

2. Balik-aral

Pagwawasto ng takdang aralin

Ano ang buod? Magbigay ng mga bagay na dapat tandaan sa pagsulat sa buod ng napanood na palabas.

B. Mga Gawain

1. Pagganyak

Ninais mo bang maging isang manunulat baling araw?

2. Paglalahad

Pagbasa ng guro ng isang maikling sanaysay.

Si Marcelo H. del Pilar ay tinaguriang Dakilang Propagandista. Isa siyang abogado na kilala sa pagsulat ng mga artikulo laban sa pang-aabuso ng mga paring Espanyol. Ipinagpatuloy niya ang gawaing ito sa Espanya kung saan naging patnugot at tagapaglathala siya ng La Solidaridad. Sa kakulangan ng pera at pangungulila sa pamilya, nagkasakit siya at namatay sa Espanya.

3. Pagtatalakay

Talakayin ang mga epektibong paraan upang maisalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng mga pangungusap.

4. Pagpapayamang Gawain

Panuto: Sa inyong narinig na teksto. Bumuo ng mga pangungusap ayon sa iyong pagkakaintindi sa binasa ng guro at isalaysay ito sa klase.

5. Paglalahat

Ano ang mga pamamaraan upang medaling maisalaysay muli ang napakinggang tekxto sa tulong ng mga pangungusap

6. Paglalapat

Makinig muli sa guro para sa isa pang tekstong babasahin.

Tandaan ang mga pamamaraan upang maisalaysay muli ang mapapakinggang teksto. Isalaysay muli ang napakinggang teksto.

(Nang ipatapon si Jose Rizal ng mga Espanyol sa Dapitan, ipinangako niya sa gobernador-heneral na hindi siya tatakas. Isang araw, hinikayat siya ni Pio Valenzuela na tumakas ngunit tumanggi si Rizal at sinabing nakaoagbitiw na siya ng pangako sa isang pinunong Espanyol na kailanma'y hindi siya tatakas.)

IV. Pagtataya (Pasalita)

Pakinggang muli ang guro. Isalaysay muli ang mapapakinggang teksto sa tulong ng mga pangungusap

(Isa sa pinakamahusay na mananalumpatiat manunulat na bayani si Graciano Lopez Jaena. Kilala siyang nagtatag ng La Solidaridad, ang pahayagang propagandista ng mga Pilipinong nasa Espanya. Dito nila isinulat ang naganap na pang-aapi sa Pilipinas ng mga namummunong Espanyol. Dahil dito, hindi na nakabalik sa Pilipinas si Graciano Lopez Jaena.)

V. Takdang Aralin

Pag-aralan ang susunod na leksyon.

Ano ang pang-uri?

Magbigay ng 5 halimbawa nito.